I-monitor ang Progreso sa Lahat ng Antas (Pamamahala ng Gawain)

Pananaw

Ang mataas ang tungkulin, mga samahang hindi pinagkakakitaan, mga ahensiya ng pamahalaan at mga kumpanya ay nangangako sa patuloy na pagbabago. Maliwanag sa kanila ang mataas na hangarin at may kagamitan para mamonitor ang pagbabago. Nakikilala nila ang nahihirapang manggagawa ng maaga at nagbibigay ng kailangang tulong; kinikilala nila ang magagaling ang nagagawa at binibigyan pa nila ng karagdagang laya sa paggawa. Sa madaling sabi, ang mga bagay na matagumpay ay may epektibong sistema ng pangangasiwa ng paggawa sa lahat ng antas.
Ang Seattle Public Schools ay nangangako sa paggawa at paggamit ng sistema ng pangangasiwa ng paggawa ng masiguro na ang lahat sa paaralang distrito ay gumagawa tungo sa parehong layunin at may pananagutan. Sa paggawa ng mga bumubuo ng sistemang ito at ang pagsisiguro ng epektibong pagpapatupad ay prayoridad para sa distrito sa darating na anim na buwan.

Mga Pangunahing Bahagi

May ilang bahagi ang aming ipopokus sa taong ito.

Linawin ang Layunin – Ito ay ayon sa kung ano tayo talaga ang may pananagutan-kung paano nakagagawa ang mga mag-aaral. Ang distrito ay nakatuon sa maliit na bilang ng layunin ng antas ng mag-aaral at lahat ng gawain ng distrito na ipinangako ay maiuugnay sa nasabing layunin. Ang ibang bahagi ng sistema ng pangangasiwa ng paggawa ay manggaling mula ditto.

Gumawa ng Dashboards – Ang mga dash board ay mataas na antas na tsart na sumusubaybay sa pag-unlad ng mga pangunahing istratehiya at ipinapakita kung paano ang gawain ay umuusad. Ito ay isang paraan na masukat ang pag-unlad ng layunin—ginagawa ba natin ang mga bagay na ating sinabi at nararapat ang epekto. Ito minsan ay tinatawag na Key Performance Indicators (KPIs). Tayo ay nakatuon muna sa dalawang dashboard:

- Dashboard ng punong-tanggapan – paano ginagawa ng punong-tanggapan ang mga istratehiya na nakalista sa plano ng istratehiya at sinasagot ang mga bagay na nakita sa panglabas na pag-aaral. Sa pag-uumpisa nito sasakop sa tatlong mahalagang tungkulin sa gawain (IT, HR, Finance) pati na ang mga departamento na pang-akademiko.
- Dashboard ng Superintendente– ano ang mga dapat unahin ng superintendente na magsisiguro na matagumpay na pagsasakatuparan ng mga dapat unahin ng distrito at paano natin tinitingnan ang pag-unlad laban doon

Gumawa ng Balangkas sa Nagagawa ng Paaralan – Ipapangkat ng balangkas ang mga paaralan ayon sa isang set ng target na pang-akademiko at hindi pang-akademikong paggawa at nakasulat ang mga pamamagitan, mga tulong at pag-iisa/ kalayaan sa mga paaralan ng ayon sa kanilang gawain. Ang paggawa ng balangkas na ito ay pagtutulungang proseso sa mga pangunahing panloob na kasali ay may mahalagang tungkulin. Ang balangkas ay gagawin sa Tag-lagas 2008 at ang pangunang datos ay kukunin sa susunod na taon ng pasok; inaasahan naming na tatakbo sa 09-10 taon ng pasok.

Mga tanong para sa Pamayanan

- Ano pa ang gusto mong malaman?
- Ano ang hindi malinaw?
- Ano ang aming pagkukulang?
- Paano namin kayo pasasabihan tungkol sa o makakasali sa gawain?